

MGA KARAPATAN AT PAGKAPRIBADO SA KASANGKAPAN SA ONLINE NA PAGTAYA NG CALWORKS ONLINE CALWORKS APPRAISAL TOOL RIGHTS AND PRIVACY

Ito ay isang pangkalahatang-tanaw sa proseso ng Kasangkapan sa Online na Pagtaya ng CalWORKs (Online CalWORKs Appraisal Tool, OCAT).

Ang iyong manggagawa ng kaso ay magtatanong sa iyo ng isang serye ng mga katanungan tungkol sa iyong mga lakas, interes, at edukasyon. Ito ay tutulong na matukoy ang anumang mga factor sa iyong buhay na maaaring nagpapahirap sa iyo na magpokus sa trabaho o sa aktibidad na may kaugnayan sa trabaho.

Ang hangarin ng Welfare-to-Work ay mabigyan ka ng mga kasanayan at tulong na kailangan mo upang makahanap ka ng trabaho at makatayo sa sarili.

Ang panayam ay aabot ng mga isang oras hanggang isang oras at kalahati upang makumpleto. Ang mga katanungan ay tutulong sa iyong manggagawa sa kaso na malaman ang mga serbisyo at aktibidad na kailangan mo sa panahong ito.

Ikaw ay tatanungin sa mga sumusunod na paksa:

- Pangkalahatang impormasyon, kabilang ang kung sino ang kasama mo sa bahay
- Kasaysayan sa trabaho
- Kasaysayan sa edukasyon
- Kalusugan ng katawan, isip, at damdamin mo at ng iyong pamilya
- Mga inaalala sa transportasyon at bahay
- Mga inaalala sa pang-aabuso sa tahanan at kaligtasan
- Mga inaalala sa paggamit ng substance at alkohol

Tandaan sa panahon ng panayam:

- Ang ilang mga katanungan ay maaaring anyong hindi nakagiginhawa, pero ang mga ito ay itinatanong upang higit na maintindihan kung anong tulong ang maaaring kailangan mo upang makakuha ng trabaho.
- Lahat ng bagay na tinatalakay sa oras ng panayam ay kompidensiyal. Ito ay nangangahulugang pananatilihing pribado ng iyong manggagawa sa kaso ang lahat ng sinabi mo. Ang tanging pagkakataon na hindi pananatilihing pribado ng iyong manggagawa sa kaso ang panayam ay kung ang iyong mga sagot ay anyong may pang-aabuso o kapabayaan sa isang matanda o bata na nangyayari. Ang iyong manggagawa sa kaso ay inaatasang mag-ulat ng hinihinalang pang-aabuso ng matanda at bata para sa imbestigasyon.
- Ang mga taong may kapansanan ay may karapatang kumuha ng espesyal na tulong na maaaring kailangan nila. Kung kailangan mo ng espesyal na tulong sa panahon ng panayam na ito, mangyaring sabihin sa iyong manggagawa sa kaso.
- Ang panayam ay naglalaman ng maraming personal na katanungan, na kailangan upang malaman ang susunod na hakbang sa proseso para sa iyo. Ikaw ay hindi parurusahan kung hindi mo gustong sumagot.

Mangyaring sabihin sa iyong manggagawa sa kaso kung, sa anumang punto sa proseso, ikaw ay may mga katanungan tungkol sa itinatanong, o tungkol sa proseso ng OCAT.

PAGBIBIGAY-ALAM NG KALAHOK:

Nabasa ko ang pormang ito o ipinabasa ko ito sa akin.

Naiintindihan ko ang mga sumusunod:

- **Kung bakit namin ginagawa ang panayam na ito.**
- **Ang impormasyong ibinibigay ko ay pananatilihing kompidensiyal maliban kung may hinihinalang pang-aabuso ng matanda o bata.**

(Pirma ng Kalahok)

(Petsa)